# Walang anumang tagapagmay-ari ng ginto ni pilak, na hindi gumaganap mula rito ng karapatan dito, malibang kapag Araw ng Pagbangon ay may pipirasuhin para sa kanya na mga piraso mula sa apoy,

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang anumang tagapagmay-ari ng ginto ni pilak, na hindi gumaganap mula rito ng karapatan dito, malibang kapag Araw ng Pagbangon ay may pipirasuhin para sa kanya na mga piraso mula sa apoy, saka paiinitin ang mga ito sa apoy ng Impiyerno, saka papasuin sa pamamagitan ng mga ito ang gilid niya, ang noo niya, at ang likod niya. Sa tuwing lumamig ang mga ito, uulitin ang mga ito sa kanya, sa isang araw na ang sukat nito ay limampung libong taon, hanggang sa hukuman sa pagitan ng mga tao kaya makakikita siya sa landas niya na maaaring patungo at Paraiso at maaaring patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allah, ang mga kamelyo naman po?" Nagsabi siya: "Ni ang tagapagmay-ari ng mga kamelyo, na hindi gumaganap mula sa mga ito ng karapatan sa mga ito, na bahagi ng karapatan sa mga ito ang paggatas sa mga ito sa araw ng pagpapainom sa mga ito, malibang kapag Araw ng Pagbangon ay may ilalatag para sa kanya na mga lugar na patag na pinakamalawak na naging. Hindi siya makawawala mula sa mga ito ng iisang inakay. Aapak sa kanya ang mga ito ng mga paa nila at mangangagat sa kanya ang mga ito ng mga bibig ng mga ito. Sa tuwing naparaan sa kanya ang una sa mga ito, ibabaik sa kanya ang huli sa mga ito, sa isang araw na ang sukat nito ay limampung libong taon, hanggang sa hukuman sa pagitan ng mga tao kaya makakikita siya sa landas niya na maaaring patungo sa Paraiso at maaaring patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allah, ang mga baka at ang mga tupa naman po?" Nagsabi siya: "Ni ang tagapagmay-ari ng mga baka ni ng mga tupa, na hindi gumaganap mula sa mga ito ng karapatan sa mga ito, malibang kapag Araw ng Pagbangon ay may ilalatag para sa kanya na mga lugar na patag. Hindi siya makawawala mula sa mga ito ng anuman. Hindi nagkaroon sa mga ito ng pilipit ang sungay, wala ang sungay, at bali ang sungay, na susuwag sa kanya ng mga sungay ng mga ito at aapak kanya ang mga ito ng mga paa nila. Sa tuwing naparaan sa kanya ang una sa mga ito, ibabaik sa kanya ang huli sa mga ito, sa isang araw na ang sukat nito ay limampung libong taon, hanggang sa hukuman sa pagitan ng mga tao kaya makakikita siya sa landas niya na maaaring patungo at Paraiso at maaaring patungo sa Impiyerno." Sinabi: "O Sugo ni Allah, ang mga kabayo naman po?" Nagsabi siya: "Ang mga kabayo ay tatlo. Ang mga ito para sa isang lalaki ay pabigat. Ang mga ito para sa isang lalaki ay panakip. Ang mga ito para sa isang lalaki ay

pabuya. Hinggil naman sa mga ito na para sa kanya ay pabigat, isang lalaki na nagtali ng mga ito bilang pagpapakitang-tao, bilang pagyayabang, at bilang pangangaway sa mga alagad ng Islam, kaya ang mga ito sa kanya ay pabigat. Hinggil naman sa mga ito na para sa kanya ay panakip, isang lalaki na nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allah, pagkatapos hindi siya nakalimot sa karapatan ni Allah kaugnay sa mga likod ng mga ito at mga leeg ng mga ito, kaya ang mga ito sa kanya ay panakip. Hinggil naman sa mga ito na para sa kanya ay pabuya, isang lalaki na nagtali ng mga ito alang-alang sa landas ni Allah para sa mga alagad ng Islam, sa isang pastulan at isang kaparangan kaya walang kinain ang mga ito mula sa yaong pastulan o kaparangan malibang may itatala para sa kanya na mga magandang gawa, na bilang ng kinain ng mga ito, at may itatala para sa kanya na mga magandang gawa, na bilang ng mga dumi ng mga ito at mga ihi ng mga ito. Hindi makapuputol ang mga ito ng panali ng mga ito saka kumakaladkad ang mga ito sa isang burol o dalawang burol, malibang magtatala si Allah para sa kanya ng bilang ng mga bakas ng mga ito bilang mga magandang gawa. Hindi nagparaan ang tagapagmay-ari ng mga ito sa isang ilog, saka uminom ang mga ito mula roon habang hindi naman siya nagnanais na magpainom sa mga ito, malibang magtatala si Allah para sa kanya ng bilang ng nainom ng mga ito bilang mga magandang gawa."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglinaw ang Propeta (s) ng mga klase ng yaman at ng ganti sa sinumang hindi gumanap ng pagbibigay ng zakāh ng mga ito sa Araw ng Pagbangon. Kabilang sa mga ito: 1. Ang ginto at ang pilak at ang anumang nasa kahatulan ng dalawang ito na mga ari-arian at mga paninda ng kalakal. Ito ay ang anumang kinakailangan dito ang zakāh ngunit hindi ginampanan. Kapag naging Araw ng Pagbangon, lulusawin ang mga ito at ibubuhos sa anyo ng mga tipak at magpapaningas sa mga ito sa apoy ng Impiyerno. Pagdurusahin sa pamamagitan ng mga ito ang mga tagapagmay-ari ng mga iyon, saka papasuin sa pamamagitan ng mga ito ang gilid niya, ang noo niya, at ang likod niya. Sa tuwing lumamig ang mga ito, uulitin ang pagpapainit sa mga ito at magpapatuloy siya sa kalagayang ito ng pagdurusa sa kahabaan ng Araw ng Pagbangon, na ang sukat ng isang araw nito ay limampung libong taon, hanggang sa humatol si Allah sa pagitan ng mga nilikha, kaya siya ay magiging kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso o kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno. 2. Ang nagmamay-ari ng mga kamelyo na hindi gumaganap ng tungkulin ng zakāh sa mga ito at ng karapatan sa mga ito, na bahagi nito ang paggatas sa mga ito para sa sinumang pumunta sa mga ito kabilang sa mga duka. X sa araw ng pagpapainom sa mga ito, malibang kapag Araw ng Pagbangon ay may ilalatag para sa kanya na mga lugar na patag na pinakamalawak na naging. Hindi siya makawawala mula sa mga ito ng iisang inakay. Aapak sa kanya ang mga ito ng mga paa nila at mangangagat sa kanya ang mga ito ng mga bibig ng mga ito. Sa tuwing naparaan sa kanya ang huli sa mga ito, ibabaik sa kanya ang una sa mga ito. Magpapatuloy siya sa kalagayang ito ng pagdurusa sa hinaba-haba ng Araw ng Pagbangon na ang sukat ng araw nito ay limampung libong taon, hanggang sa humatol si Allah sa pagitan ng mga nilikha, kaya magiging kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso o kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno." 3. Ang nagmamay-ari ng mga baka at mga tupa – mga tupa at mga kambing – na hindi gumaganap ang tagapagmay-ari ng mga ito ng isinatungkuling zakāh sa mga ito. Dadalhin ang mga ito nang higit na marami sa bilang na walang mababawas mula sa mga ito na anuman. Saka ilalatag, itatapon, at babanatin para sa mga

ito ang tagapagmay-ari ng mga ito sa Araw ng Pagbangon sa isang lupang malawak na patag. Hindi nagkaroon sa mga ito ng pinilipit ang mga sungay ni anumang walang sungay ni nabali ang sungay, bagkus ang mga ito ay nasa pinakalubos sa mga paglalarawan sa mga ito, na susuwag sa kanya ng mga sungay ng mga ito at aapak sa kanya ang mga ito ng mga paa nila. Sa tuwing naparaan sa kanya ang huli sa mga ito, ibabalik sa kanya ang una sa mga ito. Magpapatuloy siya sa kalagayang ito ng pagdurusa sa hinaba-haba ng Araw ng Pagbangon na ang sukat ng araw nito ay limampung libong taon, hanggang sa humatol si Allah sa pagitan ng mga nilikha, kaya magiging kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso o kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno. 4. Ang nagmamay-ari ng mga kabayo. Ito ay nasa tatlong klase: A. Ang mga ito para sa kanya ay pabigat. Siya ay sinumang gumawa sa mga ito bilang pagpapakitang-tao, bilang pagyayabang, bilang pakikidigma sa mga alagad ng Islam. B. Ang mga ito para sa isang lalaki ay panakip. Siya ay sinumang gumawa sa mga ito para sa pakikibaka alang-alang sa landas ni Allah, pagkatapos gumawa ng maganda sa mga ito sapagkat nagsagawa siya ng pagkukumpay sa mga ito at nalalabi sa pagtustos sa mga ito, na kabilang dito ang pagpapalahi ng mga lalaki mula rito. 3. Ang mga ito para sa isang lalaki ay pabuya. Siya ay sinumang gumawa sa mga ito para sa pakikibaka alang-alang sa landas ni Allah para sa mga alagad ng Islam. Ang mga ito ay nasa pastulan at kaparangan para manginain. Kaya hindi nanginain ang mga ito malibang itinala para sa kanya ang bilang ng kinain ng mga ito bilang mga magandang gawa at itinala para sa kanya ang bilang ng mga dumi ng mga ito at mga ihi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Hindi makapuputol ang mga ito ng panali ng mga ito, ang lubid na itinatali sa mga ito roon, saka humila at tumakbo ang mga ito sa mataas na lupa malibang magtatala si Allah para sa kanya ng bilang ng mga bakas ng mga ito at mga dumi ng mga ito bilang mga magandang gawa. Hindi nagparaan ng mga ito ang tagapagmay-ari sa isang ilog, saka uminom ang mga ito mula roon habang hindi naman siya nagnanais na magpainom sa mga ito, malibang magtatala si Allah para sa kanya ng bilang ng nainom ng mga ito bilang mga magandang gawa. Pagkatapos tinanong ang Propeta (s) tungkol sa mga asno kung ang mga ito ba ay tulad ng mga kabayo. Kaya nagabi siya: na hindi nagbaba kaugnay sa mga ito ng pagbabatas na natatangi sa mga ito maliban sa talatang ito na kaunti ang katapat, na pangkalahatan para sa lahat ng mga uri ng pagtalima at pagsuway. Ito ay ang sabi ni Allah (Qur'an 99:8): {At ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kabutihan ay makikita niya iyon, at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang katiting na kasamaan ay makikita niya iyon.} Kaya ang sinumang gumawa sa pagmamay-ari ng mga asno ng isang pagtalima, makakikita siya ng gantimpala niyon; at kung gumawa siya ng isang pagsuway, makakikita siya ng parusa niyon. Ito ay sumasaklaw sa lahat ng mga gawain.

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6611

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee